
# Balitang Manmin

BILANG 171 ENERO 1, 2017



# Mensahe ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee para sa Bagong Taon

"Ikaw ay bumangon, magliwanag ka, sapagkat ang iyong liwanag ay dumating, at ang kaluwalhatian ng PANGINOON ay sumikat sa iyo. Sapagkat narito, tatakpan ang lupa ng kadiliman, at ng makapal na dilim ang mga bayan. Ngunit ang PANGINOON ay sisikat sa iyo, at ang Kanyang kaluwalhatian ay makikita sa iyo. At ang mga bansa ay paroroon sa iyong liwanag, at ang mga hari sa ningning ng iyong pagsikat." (Isaias 60:1-3)

Mahal kong mga kapatid kay Cristo:

Para sa katuparan ng plano ng Diyos para sa pagwawakas ng panahon, itinatag Niya ang Manmin Central Church noong taong 1982. At ngayong taong 2016, sa ikatlong yugto ng puspusang paglilingkod, pinili ng ating Diyos na may Tatlong Persona ang iglesya natin bilang iglesyang minamahal ng Ama, iglesyang nagdadala sa lahat ng tao patungo sa daan ng kaligtasan, iglesyang puno ng kaluwalhatian ng Ama, at iglesyang walang katapusan ang kapangyarihan. Lahat ng pasasalamat at kaluwalhatian ay para sa Diyos na may Tatlong Persona!

Higit sa lahat, sa nakalipas na anim na taon magmula noong Pasko ng taong 2010, ipinakita ng Diyos ang walang hanggang pag-ibig at kapangyarihan Niya sa pamamagitan ng pastol. Maraming mananampalataya ang tumanggap ng pagpapala, kalakasan, at pagkakataong magwaksi ng mga kasamaan at magpakabuti dahil dito. Bukod dito, nakaabot ang mga miyembro sa pamantayan ng pagiging espirituwal at nabuo ang daloy ng pagiging banal. Mas malalim na rin ang tiwala ng iglesya sa pastol. Dumami din ang mga miyembro ng iglesya, humigit-kumulang mayroon na itong 11,000 sangay at katuwang na iglesya sa buong mundo sa taong ito. Hallelujah!

Sa taong 2017, ika-7 taon na magmula ng simulan ng pastol ang pagpuno ng sukat ng katarungan. Ibinigay ng Diyos sa atin ang apat na bagay na dapat nating idalangin na puno ng malaking pag-asa. Habang binabasa natin ang mga ito, tingnan din natin ang mga biyaya na inihahanda Niya para sa iglesya natin.

### Una, binabago at pinapalitan ng kapangyarihan ng muling paglikha ang mga bagay na nalikha na

Sinasabi ng Mga Awit 62:11, "Ang Diyos ay nagsalitang minsan, dalawang ulit kong narinig ito: na ang kapangyarihan ay sa Diyos." Noong bago matapos ang taong 2000, nang magsimula ang ikalawang yugto ng paglago, pinalibutan tayo ng Diyos ng orihinal na liwanag ng paglikha na binanggit din sa unang kabanata ng Genesis. Sa sumunod na 16 na taon, sinanay ako sa paggamit ng kapangyarihang muling paglikha kung kailan ito kinakailangan. Naipasa ko ang espirituwal na pagsasanay at tinupad ko ang hinihiling na sukat ng katarungan. Sa darating na taong 2017, pagkalipas ng 17 taon magmula noon, inaasahan ko ang perpektong kabuuan ng kapangyarihan ng muling paglikha na magpapakita ng kamangha-mangha mga pagkilos, mangyayari ang mga bagay na parang imposibleng mangyari.

Kapag natapos at naging perpekto ang kapangyarihang muling paglikha, mapipigilan na ang abnormal na pabago-bago ng klima sa mundo, mga hindi maipaliwanag na lagay ng panahon, at kalamidad na sanhi ng pakikialam ng tao sa natural na kaayusan ng mundo. Pwedeng mabawasan ang mga kalamidad tulad nito kung mapapangalagaan ang temperatura. Hindi lang mga patay na ugat at mga himaymay ang pwedeng baguhin kundi pati ang puso at kalooban ng tao na pinadumi ng kasamaan. Pwede itong gawing mabuti at espirituwal. Ang kapangyarihan ng muling paglikha ay ang 'lihim na sandata' ng Diyos, gagawin nitong posible ang kaligtasan ng hindi mabilang na tao bago magwakas ang panahon, at dadalhin nito ang napakaraming kaluluwa sa Bagong Jerusalem.

### Pangalawa, ihahanda natin ang mga iglesya sa Korea at mga ministeryo sa ibang bansa para ihatid ang mga tao sa daan patungo sa kaligtasan

Mababasa sa 1 Kay Timoteo 2:4, "[Diyos] na nagnanais na ang lahat ng tao ay maligtas at makarating sa pagkakilala ng katotohanan." Dahil napakabilis nabahiran ng kasalanan at kasamaan ng mundo, naging masama ang mga mananampalataya at mga Cristiano, nabatikos at napintasan sila. Dahil dito, ayaw nang magsimba ng mga hindi mananampalataya. Tinalikuran na din ng mga mananampalataya ang Diyos habang lumalakas ang puwersa ng anti-Cristo sa buong mundo. Para pigilan ito, nagsikap at naging masigasig ang mga pastor, pero walang nangyari. Hindi nila natanto ang pag-ibig ng Diyos, at hindi nila alam kung paano tutulungan ang mga tao.

Bilang paghahanda sa pagwawakas ng panahon, biniyayaan ng Diyos ang iglesyang ito ng mga pagpapakita ng makapangyarihan pagkilos na hindi pwedeng ipagkaila ng sinuman; ng espirituwal na salita na nakakapagpabago ng puso ng tao; ng mga espirituwal na mandirigma na gumagawa ng makapangyarihang ministeryo; ng suportang pinansyal para sa ministeryo; at mga miyembrong sumusunod at nagkakaisa sa pananalangin. Habang papalapit na ang takdang panahon ng pagbabago ng situwasyon ng mundo, mas paghahandaan namin ang pagpapadalisay ng komunidad ng mga Cristiano at ng buong mundo sa pamamagitan ng lakas at kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

### Pangatlo, magtatayo kami ng 'Magandang Santuwaryo' na may tapat na puso at perpektong pananampalataya habang nakikipag-isa sa Panginoon

Sinasabi ng Mga Awit 37:6, "Ang iyong pagiging walang-sala ay pakikinangin Niyang gaya ng liwanag, at ang iyong pagiging matuwid na gaya ng katanghaliang-tapat." Nais ng Diyos na magkaroon ang mga mananampalataya ng tapat na puso at perpektong pananampalataya, magliwanag sa buong mundo, at maghandog ng mabangong samyo ng papuri at pagsamba na nagmumula sa kaibuturan ng puso. Ang Santuwaryo ng Canaan at ang Pinakamalaking Santuwaryo ay itatayo sa pamamagitan ng mga mananampalataya na mayroong mabuti at magandang kalooban. Kapag sila ay nakipag-isa sa Panginoon, umibig sa Diyos una sa lahat, at nagtiwala sa pastol, matutupad nila ito nang may pananampalatayang nakalulugod sa Diyos. Ang Pinakamalaking Santuwaryo ay itatayo bilang napakarangyang simbulo na nagpapakita ng dangal at luwalhati ng Diyos sa buong mundo. Maluluwalhati ang Diyos sa kapag naitayo ito.

### Pang-apat, ang 'Bunga ng Pastol' ay makikita kapag nakipagkaisa sila sa pastol sa pamamagitan ng tiwala at pag-ibig

Mababasa sa Mga Awit 126:5-6, "Yaon nawang nagsisipaghasik na luhaan, ay mag-ani na may sigaw ng kagalakan! Siyang lumalabas na umiiyak, na may dalang itatanim na mga binhi, ay uuwi na may sigaw ng kagalakan, na dala ang kanyang mga bigkis ng inani." Kalooban ng Diyos na anihin natin kung ano ang ating itinanim at binabayaran tayo kung ano ang katumbas ng ating ginawa. Ayon sa 34 na taong ministeryo ng Manmin, patutunayan tayo ng Diyos sa mahalaga at masaganang bunga at ipapaani Niya sa atin ang pinakamabubuting bunga. Ang kahulugan ng pinakamabubuting bunga ng Diyos ay mga tunay na anak Niya na naging espirituwal at banal.

Magmula noong itatag ang iglesya noong taong 1982, itinanim na ng Diyos ang pag-asa para sa Bagong Jerusalem, ang pinakamabuting tirahan sa langit, sa puso ng mga mananampalataya sa tulong ng pastol. At mula noong taong 2010, tumuon Siya sa pagkamit ng tunay na mga anak sa pagkaloob ng daloy ng espiritu at kabanalan kapalit ng sakripisyo ng pastol. Idiniin din Niya ang 'pagtitiwala' sa pastol sa mga nakaraang taon para magkaroon ng 'bunga ang pastol' na nakipagkakaisa sa pagtitiwala at pag-ibig at pagtupad ng kalooban Niya sa pagtatapos ng panahon. Ang dahilan nito ay sapagkat pwede silang maging espirituwal at banal sa tulong ng kapangyarihan ng muling paglikha na ipinagkaloob sa pastol kung lubos ang pagtitiwala at pagmamahal nila sa Diyos at sa Panginoon kapag nakita nila ang luha at pagsasakripisyo ng pastol.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, lahat ng miyembro ng Central Church at mga miyembro ng 11,000 sangay at katuwang na iglesya, lahat ng mga pastol at mga lider ng iglesya, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na maging mahalagang bahagi kayo sa paghahatid sa hindi mabilang na mga kaluluwa patungo sa kaligtasan kasama ng pastol sa pamamagitan ng kapangyarihan niyang muling paglikha, at maging mga tunay na mga anak ng Diyos bilang mga bunga ng pastol na hinahangad niyang makita, at maging karapat-dapat na purihin, parangalang, at luwalhatiin sa magandang langit, magpakailanman.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Ang Huling Pitong Wika ni Jesus sa Krus (2)

"Nang makita ni Jesus ang Kanyang ina at ang alagad na Kanyang minamahal,
na nakatayong katabi niya ay sinabi Niya sa Kanyang ina, 'Babae, narito ang iyong anak!' Pagkatapos ay sinabi Niya sa alagad, 'Narito ang iyong ina!' At mula noon ay dinala siya ng alagad sa kanyang sariling tahanan."
(Juan 19:26-27)

•••

Bago Siya mamatay sa krus, habang may natitira pa Siyang lakas, nag-iwan si Jesus ng ilang mahahalagang salita. Ang mga salitang ito ay tinawag na "Ang Huling Pitong Wika ni Jesus sa Krus." Bilang pagpapatuloy sa pag-aaral noong nakaraang edisyon, pag-usapan natin ngayon ang pangatlo sa huling pitong wika ni Jesus sa krus.

### 1. "Babae, narito ang iyong anak!"

Mababasa natin sa Juan 19:36, "Nang makita ni Jesus ang Kanyang ina at ang alagad na Kanyang minamahal, na nakatayong katabi niya ay sinabi Niya sa Kanyang ina, 'Babae, narito ang iyong anak!'" Ang tinutukoy na "ang iyong anak" dito ay ang alagad na minamahal ni Jesus – si Juan. Hiniling ni Jesus kay Birheng Maria na ituring si Juan bilang sariling anak.

Bakit sinabi ni Jesus ang "Babae, narito ang iyong anak!"? Ang isang bagay na dapat pansinin dito ay tinawag ni Jesus si Birheng Maria ng, "babae." Walang nakasulat sa Biblia na tinawag ni Jesus na "ina" ang Birheng Maria.

Ang bansag na "ina" sa Aklat ni Juan ay ginamit ayon sa pananaw ni Juan, na siyang nagsulat, at hindi mula kay Jesus. Sa Juan 2, may tagpong ginawang alak ni Jesus ang tubig, at tinawag muli Niyang "babae" sa Birheng Maria. Ang dahilan nito ay sapagkat totoong hindi pwedeng maging ina ni Jesus si Birheng Maria dahil sa Jesus ay kapantay ng Diyos (Filipos 2:6) at Siya ang Diyos Anak sa Tatlong Persona.

Ang Diyos ay mula sa walang hanggan hanggang sa walang hanggan, at Siya ay "AKO AY ANG AKO NGA" (Exodo 3:14); hindi Siya ipinanganak o hinubog ng sinuman. Kaya hindi pwedeng tawagin ni Jesus na Siya mismong Diyos si Birheng Maria, na isang nilalang na "ina." Bukod dito, hindi talaga pwedeng maging nanay ni Jesus si Birheng Maria. Ipinagbubuntis ang tao dahil sa pagsasama ng 'sperm' at 'egg'. Si Jesus ay ipinaglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

Kung ang isang sanggol ay ipinanganak sa pamamagitan ng 'artificial insemination', "ina" ba niya ang babaing nagbuntis sa kanya? Kung nanatili siya ng ilang panahon sa 'incubator', ina ba niya ang 'incubator'? Tulad ng mga halimbawang ito, hindi tinawag na "ina" ni Jesus si Birheng Maria dahil lang ipinagbuntis Siya nito. Hindi nalulugod ang Diyos kung iisipin at tatratuhin ng mga taong ina ni Jesus si Birheng Maria para sambahin ito bilang diyus-diyosan.

Sinabi sa atin ng Diyos sa Exodo 20:3-4, "Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap Ko. Huwag kang gagawa para sa iyong sarili ng inukit na larawan o anumang kawangis ng anumang nasa langit sa itaas, o ng nasa lupa sa ibaba, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa." Huwag tayong gumawa, maglingkod, o sumamba sa mga diyus-diyosan ng kahit na anong nilalang.

Ang layunin ni Jesus sa sinabi Niya, "Babae, narito ang iyong anak!" ay para aliwin si Birheng Maria. Habang nakikita ni Birheng Maria na nagtitiis ang mahal niyang si Jesus ng hindi mailarawang paghihirap, siya rin mismo ay nagtiis ng nakakadurog ng pusong sakit at kalungkutan. Naalala pa rin ni Jesus si Birheng Maria kahit sa huling sandali ng buhay Niya kaya ibinilin Niya ito kay Juan na alagad Niya bilang sariling anak ni Maria.

### 2. "Narito ang iyong ina!"

Nagpapatuloy ang Juan 19:27, "Pagkatapos ay sinabi Niya sa alagad, 'Narito ang iyong ina!' At mula noon ay dinala siya ng alagad sa kanyang sariling tahanan." Mula sa puntong ito, sinasabi sa atin ng Biblia, dinala ni Juan si Birheng Maria sa sariling tahanan nito at pinagsilbihan siya bilang sariling ina. Pagkatapos niyang ipanganak si Jesus bilang birhen, nanganak pa si Maria ng ilang beses mula sa asawa niyang si Jose. Pero hindi ibinilin ni Jesus si Maria kay Jose o sa mga anak nito kundi ibinigay Niya ang tungkuling ito sa alagad Niyang si Juan.

Anong dapat nating malaman dito? Sa Filipos 3:20 sinasabi sa Biblia, "Sapagkat ang ating pagkamamamayan ay nasa langit; mula roon ay hinihintay naman natin ang Tagapagligtas, ang Panginoong Jesu-Cristo." Ang mga anak ng Diyos na naligtas ay taga-Langit. Mayroong espirituwal na pamilya ang mga anak Niya na tumanggap sa Panginoon at ang pangalan ay nakasulat sa aklat ng buhay, naglilingkod sila sa Diyos bilang kanilang Ama.

Ang Diyos ang Siyang pinagmumulan ng buhay. Kahit mayroon tayong mga magulang, ang 'sperm' at 'egg' nila ay mula pa rin sa Diyos. Kung titingnan natin ang pinagmulan ng angkan natin, makikita natin na ang ninuno nating si Adan ay nagmula rin sa Diyos. Hinubog Niya ang katawan ni Adan at inihinga sa mga butas ng ilong nito ang hininga ng buhay. Ang buhay natin ay mula sa Diyos. Kahit mag-asawa ang isang babae at isang lalaki, hindi sila magkakaroon ng anak kung hindi papayagan ng Diyos. Ang kapangyarihan na magkaroon ng espiritu ang ipinagbubuntis na sanggol ay tanging sa Diyos lang.

Habang pabilis nang pabilis ang pagsulong ng siyensya at teknolohiya, mayroong kontrobersiya ang 'cloning' ng tao, pero hindi malilikha ng tao ang espiritu. Pwedeng kopyahin at paramihin ng tao ang pisikal na anyo pero hindi ang espiritu. Kung walang espiritu, walang pagkakaiba sa mga hayop, hindi ito tatawaging tao. Bukod dito, ang kasarian, katangian, anyo, at iba pang ugali ng anak na ipinagbubuntis ay wala sa kapangyarihan ng mga magulang.

Ang hindi maitatangging katotohanan ay tanging Diyos lang ang may kapangyarihan sa sangkatauhan. Diyos lang ang nagbibigay ng espiritu sa tao at Siya ang namamahala sa buhay, kamatayan, sumpa, at mga biyaya para sa sangkatauhan. Ang Diyos na ito ay ang ating espirituwal na Ama. Kung ang mga tao ay nabubuhay ayon sa mga pagnanasa ng kamunduhan at hindi magtitiwala sa Kanya, wala silang karapatang tawaging "Ama!" ang Diyos (Juan 8:44).

Kaya kahit na kadugo natin ang ibang tao dito sa mundo, hindi natin sila makakasamang manirahan sa walang hanggang Langit kung hindi sila magtitiwala sa Panginoon. Pinaaalalahanan tayo ni Jesus tungkol dito sa Mateo 12:50, "Sapagkat sinumang gumagawa ng kalooban ng Aking Ama na nasa langit, ay siyang Aking kapatid na lalaki at babae, at ina." Itinuro din Niya sa atin kung ano ang likas ng tunay na pamilya, ito ay ang pamilya na nagkakaisa sa espiritu.

Dapat nating mahalin at paglingkuran ang pamilya natin sa laman, pero ang tama para sa Diyos ay espirituwal na pagmamahal. Ang tunay na pagmamahal ay hindi umaayon at umiibig sa isang pamilya na lumalapastangan sa Diyos at lumalaban sa kalooban Niya.

Ipagpalagay nating sinabi ng mga magulang at mga kapatid sa laman sa isang tao, "Huwag kang magsimba" o "Gumawa tayo ng krimen." Kung susundin niya ito, hindi ito nagpapakita ng pagmamahal, kundi kamatayan. Kaya, kung sinasabing mahalin at paglingkuran natin ang ating mga magulang at mga kapatid sa laman, gawin natin ito ayon sa katotohanan. Bukod dito, kung tunay ang pagmamahal natin sa ating pamilya, ituro natin sa kanila ang ebanghelyo at dalhin sila sa daan patungo sa Langit.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, nakapaloob sa ikatlong wika ni Jesus sa krus ay pag-ibig na nagnanais na pasayahin ang nalulungkot na si Maria. Sinasabi rin ng ating Panginoon na lahat ng kapatid natin na sumasampalataya sa Kanya ay ang tunay nating pamilya. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na matanto ninyo nang mas malinaw ang kalooban ng Panginoon, mas ibigin ang Diyos, at ibahagi ang espirituwal na pagmamahal sa Panginoon sa isa't isa.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog

Balitang Manmin

Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee    Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Habang Iwinawaksi Natin ang Makasalanang Likas at Tinutularan ang Panginoon

May makasalanang likas sa puso ng tao. Ang galit, poot, mapangalunyang pag-iisip, at selos ay ilan lang mga halimbawa.
Ang kagustuhang isagawa ang mga kasalanang ito ay 'pagnanasa ng laman'.
Kapag sumunod tayo sa pagnanasa ng laman, magkakasala tayo sa mga salita at mga gawa (1 Juan 2:16).
Pag-aralan natin kung paano natin makikita ang makasalanang likas na ito at paano sila iwawaksi para matularan ang Panginoon.
Malaki ang bahagi ng 'damdamin' para maintindihan ang pagnanasa ng laman.
Talakayin natin ang 'damdamin' at kung paano natin babaguhin ito.

## Itinanim sa Puso ang 'Makasalanan Likas' Kasabay ng 'Damdamin'

Sa ngayon, marami na ang hindi na makalayo sa droga, pornograpiya, at mga bayolenteng laro. Lulong na sila dito. Isa sa mga dahilan ay noong maranasan nila ang masasamang bagay na ito sa unang pagkakataon, may kasamang damdamin. Ang damdaming ito ay bago sa kanila at nakakatukso, kaya gusto nilang maramdaman ulit ito nang mas matindi. Dahil dito, nalululong sila.

Parang butil ito ng bigas sa isang palayan. Kung malalim ang pagkakatanim dito, mahirap bunutin. Pero kung mababaw, madaling bunutin. Gaya rin ito ng makasalanang likas.

Ipagpalagay nating nanood ng malaswang pelikula ang isang tao. Habang pumapasok sa utak niya ang mga tagpo sa pelikula, ang masamang likas nito ay naitatanim sa puso niya na may kasamang damdamin. Kung makakita ng isa pang malaswang tagpo ang taong ito, mabubuhay muli ang damdaming naitanim noong una. Hindi madaling tanggalin ang mga maling damdaming malalim ang pagkakatanim. At mas lalong mahirap tanggalin ang mga damdaming naitanim na may kasamang matinding emosyon.

Kapag ang isang makasalanang likas ay naitanim sa puso, may kasunod itong damdamin; Kapag naulit ang likas na ito, nabubuhay muli ang damdamin. Kapag galit ang isang tao, parang kumukulo ang dugo niya. Kapag nagseselos siya, nanlalamig ang katawan niya. Kapag mayabang siya, pakiramdam niya mas mataas siya kaysa sa iba sa lahat ng bagay. Kung iniisip niya ang pangangalunya, parang may nagtutulak sa kanya para mangalunya. Kapag sinunod ang mga damdaming ito, magkakasala kayo.

## Dapat Hindi Itanim ang Makasalanang Likas

Maaaring batid na ninyo kung ano ang poot at galit. Kung wala kayong galit sa puso, hindi sasabog ang galit ninyo. Kung wala kayong poot, wala kayong galit kaninoman. Makikita dito na mahalagang hindi magtanim sa puso ng makasalanang likas at ng mga damdaming kasunod nito. Dapat, sikapin ninyong magtanim ng 'mabubuting damdamin'.

Ipagpalagay nating nasaktan at nalungkot kayo nang makita ninyong iba ang nakakuha ng isang bagay na gusto ninyong makuha. Ang damdaming ito ay magbubunga ng makasalanag likas sa puso ninyo tulad ng kasakiman, selos, at galit. At kapag may nakita kayong isang taong mayroong isang bagay na higit pa sa nasa inyo, mabubuhay ang mga makasalanang likas ninyo, kaiinisan at kaiinggitan na ninyo ang taong ito.

Sa kabilang banda, sabihin nating tinuruan kayo ng mga magulang ninyo na maging masaya para sa ibang mas nakakahigit kaysa sa inyo. Nagtanim kayo ng mabuting damdamin kapag masaya ang ibang tao. Mananatili sa inyo ang mabuting damdamin na ito, baka maisipan pa ninyong ibahagi sa iba kung anuman ang mayroon kayo.

Dapat magpakita ng mabuting halimbawa sa mga anak ang mga magulang. Kung palagi silang nag-aaway at nagagalit, magkakaroon sila ng takot at galit sa puso kahit sabihin pa sa kanya ng mga magulang niya na maging 'mabuting tao'.

Makakapagtanim ang mga anak ng mabuting damdamin tungkol sa pananampalataya at kalangitan kung masayang ipapakita ng mga magulang sa kanila ang buhay Cristianong umaasa sa Bagong Jerusalem. Dahil masaya sila, iisipin nila, "Napakabuting lugar siguro ng Bagong Jerusalem dahil gustong-gusto ng mga magulang kong makarating dito." Kung parang nahihirapan at nabibigatan ang mga magulang, baka isipin ng anak, "Mahirap makapunta sa Bagong Jerusalem." Hindi na lang aasa ang anak na makarating dito.

## Palitan ng Mabubuting Damdamin ang mga Negatibo

Magagalit talaga kayo sa isang tao kung iniisip ninyo, 'Bakit ganito ang ugali niya? Hindi ko siya maintindihan. Ayaw ko sa kanya.'

Kung gusto ninyong maiwaksi ang galit, ilagay ninyo ang inyong sarili sa kalagayan ng iba para makita ninyo ang kabutihan nila. Kung ipagpapatuloy ninyo ito, unti-unting mawawala ang masamang damdmin ninyo hanggang sa lubos na mawala ang galit ninyo sa kanila.

Kapag pagsisikapan ninyong iwaksi ang galit, kasakiman, selos, panghuhusga, at paghatol, palitan ninyo ito ng mabubuting damdamin. Dapat ninyong pigilan na magkaroon ng masasamang likas tulad ng pagkakanulo, pandaraya, pagsisinungaling, pangangalunya sa isipan, at pagiging magagalitin.

Sabihin nating naglalakad ang misis ninyo, tingin ng tingin ang ibang lalaki sa kanya. Magagalit kayo. Kung titingin kayo sa ibang babae tulad ng ginagawa nila, iisipin ninyong malaking kasalanan ito! Makikita ninyo dito kung gaano karumi ang nangangalunyang isipan. Kung pagsisisihan ninyo ang makasalanang ugali, madali ninyo itong maiiwaksi.

Hindi makikita ng tao kung gaano karumi ang makasalanang likas sa puso kung hindi nila naranasan ang kabaliktaran nito habang pinapangalagaaan sila dito sa mundo.

Kaya lang, napakalaganap ng kasalanan at kasamaan, nasanay na ang mga taong magkasala at damang-dama pa nila ito. Nalulong na sila sa ganitong klaseng damdamin at hindi na sila nakalayo sa mga kasalanan. Kaya, sa pagsulong ninyo ng buhay bilang mga Cristiano, layuan ninyo ang mga kasalanan at kasamaan sa mundo.

Dapat nating matanto kung gaano kasama, karumi, at kalaswa ang mga damdaming nagmumula sa makasalanang likas sa pamamagitan ng pangangalaga ng sangkatauhan. Sa pag-intindi dito at pagsisikap na makamit ang dalisay na puso ng Panginoon, mababawi ninyo ang nawalang wangis ng Diyos dahil sa kasalanan.

# "Nakakita at Nakarinig Ako!"

Diakono Yongsung Kim, 71 taong gulang,
Parokya 16, Manmin Central Church

Noong Hunyo 2015, namaga ang mukha ko at nakarinig ako ng matining na tunog sa magkabilang tainga. Halos mabingi ako. Namaga din ang ilong ko, napakahirap huminga. Nasuri na mayroon akong impeksyon sa tainga, may sinus at maliit na bukol sa ilong. At mas malala pa, lumabo ang paningin ng kanang mata ko. Sinabi sa akin na ang lahat ng ito ay dahil sa mataas na presyon ng dugo at diabetes.




Nagpaopera ako para mawala ang impeksyon ko sa tainga at para tanggalin ang maliliit na bukol ko sa ilong, pero noong Abril 2016, lumala ito, nalaman ko na nasa 'class-two' na ang kapansanan ko. Lumala ang panlalabo ng kanang mata ko, hanggang sa mabulag na ito. Wala na akong makitang liwanag. Maraming ospital ang pinuntahan pero sinabi nila sa akin na ang pagsusuot na lang ng 'hearing aid' ang makakatulong sa pandinig ko at wala na silang maitutulong para mapagaling ang mata kong bulag.

'Bakit nangyari sa akin ang lahat ng ito?' Nawalan ako ng pag-asa. Iniwasan ko ang ibang tao dahil nahirapan akong makipag-usap sa kanila ng personal at pati sa telepono. Napakalungkot ko. Inisip ko na ang tanging paraan para mabuhay ay umasa sa Diyos at manampalataya.

Sinimulan kong pakinggan ang mga sermon ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, gumamit ako ng 'hearing aid'. Habang pinapakinggan ko itong mabuti, nanampalataya ako na gagaling ang malabong mata ko at impeksyon sa tainga na hindi napagaling sa ospital. Sana, sa simula pa lang ng problema ko, umasa na ako sa Diyos. Pinagsisihan ko ang kamangmangan ko dahil gumamit pa ako ng mga gamot na gawa dito sa mundo. Sinimulan kong daluhan ang pulong-panalanging Daniel gabi-gabi at dinaluhan ko rin ang lahat ng pagsamba pati ang pagsamba tuwing Miyerkules at Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes.



Sinabi ni Dr. Lee na pagagalingin ng Diyos ang mga problemang may kinalaman sa mata sa Retreat sa Tag-init 2016. Inisip ko na pagkakataon ko na ito para tanggapin ang kasagutan ng Diyos.

Noong Agosto 8, unang araw ng retreat, idinaos ang pagpupulong na may banal na pagpapagaling. Nang idalangin ng punong pastor ang mga maysakit, naramdaman kong luminaw ang paningin ko. Pag-uwi ko, natanto ko na may himalang naganap.

Nagliwanag ang kanang mata ko! Hallelujah!

Pabuti rin ng pabuti ang pandinig ko sa magkabilang tainga, at ngayon, naririnig ko na ang mga sinasabi ng ibang tao nang walang tulong ng 'hearing aids'. Luminaw din ang paningin ko, nakikilala ko na ang mga bagay-bagay. Naririnig ko na ang mga sermon at nakakagamit na ako ng telepono nang walang tulong. Gumaling na rin ang diabetes ko. Normal na ang sukat ng blood sugar ko.

Natanto ko na nakakakita at nakakarinig na akong mabuti dahil sa pagpapala ng Diyos. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na nagpagaling sa akin, nagpapasalamat din ako sa punong pastor na nanalangin para sa akin.

# "Tumanggap Ako ng mga Biyaya Dahil Pinanatili Kong Banal ang Araw ng Panginoon"

Diakonesa Akase Sayuri, 47 taong gulang,
Maizuru Manmin Church, Japan



Noong 24 na taong gulang ako, may nakilala akong isang lalaki sa pinagtatrabahuhan ko, nagpakasal kami. Pagkalipas ng isang taon, lumabas ang totoong ugali niya. Bayolente siya, binugbog niya ako sa loob ng 12 taon.

Noong taong 2005, may nagsama sa akin sa Osaka Manmin Church. Nagkaroon ng kapayapaan ang puso ko. Binubugbog pa rin ako ng asawa ko at palala nang palala ang pag-uusig niya sa akin. Kung minsan, pinapalayas niya ako, o kaya naoospital ako dahil sa pambubugbog niya. Punung-puno ng paghihirap ang buhay ko. Nang pigilan niya ako sa pagdalo sa iglesya, pinuntahan ko si Diakonesa Iwamoto Yoko, siya ang nagsama sa akin sa iglesya, gusto niyang magdaos ng pagsamba sa bahay ko. Dumulog ako sa Diyos, nanalangin ako sa iglesya bago tumuloy sa trabaho.

Nagpakita ng pruweba ng presensya Niya ang Diyos ng pag-ibig, inaliw Niya ang puso ko. Ang anak kong babae ay nasa ikatlong baitang sa primary school. Mayroon siyang malaking kalyo sa dulo ng daliri. Nanalangin ako at winisikan ko ito ng Muan Sweet Water (Exodo 15:25), at sabay kaming nanalangin. Kinabukasan, natanggal ang kalyo at may tumubong bagong laman. Naging normal na ang daliri niya. Hallelujah!

Noong taong 2008, nakipaghiwalay ako sa asawa ko. Umuwi ako sa nayon ko kasama ang tatlong anak ko. Pero hindi nawala ang pagsisigasig kong sundin ang Diyos. Malayo ang nayon ko, pero nakahanap ako ng iglesya. Ito ay ang Maizuru Manmin Church, dalawang oras ang biyahe para makarating ako dito. Dumalo ako dito bawat linggo at napuspos ako ng Banal na Espiritu. Nagkaroon din ako ng magandang trabaho.

Noong Abril 2016, napuwersa ang likod ko dahil nagbuhat ako ng mabigat, mga 20kg ang timbang. Nagdulot ito ng matinding pananakit. Hindi ako makatayo ng tuwid kaya umuwi ako nang nakayukod. Kinabukasan, ni hindi ko na maigalaw ang buong katawan ko. Lumala ito, hindi na ako nakapasok sa trabaho.

Tinanggap ko ang naka-record na panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee para sa mga maysakit sa telepono, pinag-isipan ko kung bakit nangyari sa akin ito at kung anong nais ng Diyos na matanto ko. Natanto ko na makasarili pa rin ako at hindi pa rin ako lubos na lumalayo sa kamunduhan. Umiyak ako, nagsisi ng lubos. Mabilis ang paggaling ko, kinahapunan, pumasok na ako sa trabaho.

Tinapon ko na ang mga makamundong bagay, kahit kakaunti lang ito, pinaglingkuran ko ang ibang tao sa lugar ng trabaho. Biniyayaan ako ng Diyos ng promosyon sa trabaho, tumaas din ang sweldo ko. Nagpapasalamat ako sa Diyos dahil inabot Niya ang kamay Niya sa akin.Ang lahat ng luwalhati at pagpapasalamat ay para sa Kanya.


Ang napakagandang Maizuru Manmin Church, Japan

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714